# HESUKRISTO: Ang Mukha ng Habag ng Diyos

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alex Balatbat
Hulyo 06, 2024

Ang lahat ay tungkol sa relasyon. Kung walang relasyon, walang kahulugan ang buhay. Ang mabuhay para sa iba ang dahilan kung bakit tayo naririto. Ang Diyos ng mga relasyon ay naging tao upang tumulad sa atin. Siya ay naging mukha ng habag ng Diyos para ipakita na magpakailanman ang Kanyang pag-ibig sa atin.



1. **Ang Diyos ng Relasyon**

1.1. Siya ang Diyos ng pamilya, Diyos ng pagkakaisa, at Diyos ng pakikisama.

1.2. Ang Ama ay para sa Anak, ang Anak ay para sa Ama at ang Espiritu Santo ay para sa relasyon sa pagitan ng Ama at Anak.

1.3. Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang wangis (Gen.1:27); kaya, tinawag tayo upang magkaroon ng relasyon at alagaan ang iba. Ang pagmamahal sa isat-isa ang katuparan ng paglikha ng Diyos sa atin.

2. **Ang Panginoon ay naging tao at niyakap ang sangkatauhan.**

2.1. "Naging tao ang Salita at Siya'y nanahan sa atin"(Juan 1:14). Nakita natin ang kaluwalhatian ng Ama sa pamamagitan ng Kanyang bugtong na Anak na puspos ng biyaya at katotohanan.

2.2. Habang niyayakap natin ang ating sarili at kapwa, niyayakap din natin ang Diyos. Bilang kasapi sa komunidad, tayo ay nagkakaisa, nagpapatawad at natututong magmahal at magbigay ng kapayapaan.

2.3. Ang buhay na walang Diyos ay kamatayan, habang ang buhay na kasama ang Diyos ay punong-puno ng pag-asa. Kasama natin Siya tuwing may pagsubok, karamdaman, pagdududa at pagkatakot.

3. **Paano natin susundin si Hesus?**

3.1. Iniwan ni Mateo ang lahat noong tinawag siya ni Hesus, "Sumunod ka sa akin" (Mateo 9:9).

3.2. Si Zaqueo, isang maliit na lalaki, ay gustong makilala si Hesus, kaya umakyat siya sa puno ng sikomoro (Lucas 19:1-10).

3.3. Isang mayamang binata ang nagtanong kay Hesus paano niya makakamit ang buhay na walang hanggan. Sinabi sa kanya ni Hesus, "Ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamahagi mo sa mga dukha at sumunod ka sa akin" (Mateo 19:16-30).

4. **Ano ang Totoong Kayamanan?** Ang tunay na kayamanan ay hindi nasisira o nananakaw.

4.1. Ang pagmamahal ay hindi mananakaw - pagmamahal sa kapwa, sa pamilya at Diyos. Kung walang pag-ibig, walang kulay ang paligid.

4.2. Kayamanan, kapangyarihan ay mga bunga ng buhay. Ang Diyos, pamilya at mga kaibigan ang mga ugat ng buhay. Mabubuhay tayo kahit walang bunga, ngunit hindi tayo makatatayo kung walang ugat ang ating buhay.

4.3. Tinuruan tayo ni Hesus na hawakan ang totoong kayamanan. Kung ang lahat ay nawala sa ating buhay, doon lang natin matutuklasang sapat na ang Diyos.

4.4. Kung walang relasyon, hindi natin makikita ang kahulugan ng buhay. Kung ang pag-ibig ay nawala, wala ring halaga ang lahat-lahat sa atin.

4.5. Para sa atin, ang magmahal ay mamuhay sa dakilang paraan. Kung mga dakilang tao ang nasugatan, hindi nila nakikita ang sugat, bagkus nakikita nila ang karunungan. Tuwing nakararanas sila ng pagsubok, nakakikita sila ng mga posibilidad.

**Konklusyon:** Itinuro ng Diyos ang lahat tungkol sa pagmamahal. Hawak ng Santo Nino ang mundo habang nakataas ang kabila Niyang kamay. Ang lahat ay gumagaan kung may kasamang pagmamahal. Inunat ni Hesus ang Kanyang kamay at namatay sa krus upang ipakita sa atin ang Kanyang dakilang pag-ibig.

**Pagninilay:**

1. Sino-sinong tao ang nakasakit na sa iyo? Paano mo ibabahagi ang iyong pagmamahal tulad ng ginawa ni Hesus?
2. Ano-anong mabibigat na sitwasyon ang naranasan mo na sa buhay? Nasa puso mo pa rin ba ang pag-ibig?
3. Paano mo ipakikita ang iyong pagmamahal sa Diyos bilang pasasalamat?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalinni:** Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Nida A. Cruz
**website:https://lordsflock.org/digests**
Tags :#Mahabagin; #Relasyon